
6

DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION

# Araling Panlipunan

## Unang Markahan – Modyul 1:
## Ang Epekto ng Kaisipang Liberal sa Pag-usbong ng Damdaming Nasyonalismo



ALTERNATIVE DELIVERY MODE
ADM

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Araling Panlipunan – Baitang 6**
**Alternative Delivery Mode**
**Unang Markahan – Modyul 1: Ang Epekto ng Kaisipang Liberal sa Pag-usbong ng Damdaming Nasyonalismo**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Carmela M. De Gracia, Mitzel M. Alvaran
**Editor:** Alma J. Gascon, Jewelyn Q. Cadigal, Blas P. Tabayag, Jr.
**Tagasuri:** Blas P. Tabayag, Jr., Mary Helen M. Bocol, Junry M. Esparar
**Tagaguhit:** Krisha Marie T. Paltu-ob, Nancy H. Molde, Roland B. Tarrazona
**Tagalapat:** Jewelyn Q. Cadigal
**Tagapamahala:** Ma. Gemma M. Ledesma, Josilyn S. Solana, Portia M. Mallorca, Peter J. Galimba, Elena P. Gonzaga, Donald T. Genine, Jerry A. Oquendo, Junry M. Esparar, Mary Helen M. Bocol, Blas P. Tabayag, Jr.

**Inilimbag sa Pilipinas ng** ________________________

**Department of Education – Region VI**

Office Address: Duran Street, Iloilo City
Telefax: (033) 336-2816, (033) 509-7653
E-mail Address: region6@deped.gov.ph

# 6

# Araling Panlipunan

## Unang Markahan – Modyul 1:

## Ang Epekto ng Kaisipang Liberal sa Pag-usbong ng Damdaming Nasyonalismo

# Paunang Salita

Para sa tagapagdaloy:

Malugod na pagtanggap sa asignaturang **Araling Panlipunan 6** ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul para sa araling **Ang Epekto ng Kaisipang Liberal sa Pag-usbong ng Damdaming Nasyonalismo**!

Ang modyul na ito ay pinagtulungang dinisenyo, nilinang at sinuri ng mga edukador mula sa pampubliko at pampribadong institusyon upang gabayan ka, ang gurong tagapagdaloy upang matulungang makamit ng mag-aaral ang pamantayang itinakda ng Kurikulum ng K to12 habang kanilang pinanagumpayan ang pansarili, panlipunan at pang-ekonomikong hamon sa pag-aaral.

Ang tulong-aral na ito ay umaasang makauugnay ang mag-aaral sa mapatnubay at malayang pagkatuto na mga gawain ayon sa kanilang kakayahan, bilis at oras. Naglalayon din itong matulungan ang mag-aaral upang makamit ang mga kasanayang pan-21 siglo habang isinasaalang-alang ang kanilang mga pangangailangan at kalagayan.

Bilang tagapagdaloy, inaasahang bibigyan mo ng paunang kaalaman ang mag-aaral kung paano gamitin ang modyul na ito. Kinakailangan ding subaybayan at itala ang pag-unlad nila habang hinahayaan silang pamahalaan ang kanilang sariling pagkatuto. Bukod dito, inaasahan mula sa iyo na higit pang hikayatin at gabayan ang mag-aaral habang isinasagawa ang mga gawaing nakapaloob sa modyul.

Para sa mag-aaral:

Malugod na pagtanggap sa **Araling Panlipunan 6** ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul ukol sa **Ang Epekto ng Kaisipang Liberal sa Pag-usbong ng Damdaming Nasyonalismo**!

Ang modyul na ito ay ginawa bilang tugon sa iyong pangangailangan. Layunin nitong matulungan ka sa iyong pag-aaral habang wala ka sa loob ng silid-aralan. Hangad din nitong madulutan ka ng mga makabuluhang oportunidad sa pagkatuto.

Ang modyul na ito ay may mga bahagi at icon na dapat mong maunawaan.

| | |
|---|---|
| ***Alamin*** | Sa bahaging ito, malalaman mo ang mga dapat mong matutuhan sa modyul. |
| ***Subukin*** | Sa pagsusulit na ito, makikita natin kung ano na ang kaalaman mo sa aralin ng modyul. Kung nakuha mo ang lahat ng tamang sagot (100%), maaari mong laktawan ang bahaging ito ng modyul. |
| ***Balikan*** | Ito ay maikling pagsasanay o balik-aral upang matulungan kang maiugnay ang kasalukuyang aralin sa naunang leksyon. |
| ***Tuklasin*** | Sa bahaging ito, ang bagong aralin ay ipakikilala sa iyo sa maraming paraan tulad ng isang kuwento, awitin, tula, pambukas na suliranin, gawain o isang sitwasyon. |
| ***Suriin*** | Sa seksyong ito, bibigyan ka ng maikling pagtalakay sa aralin. Layunin nitong matulungan kang maunawaan ang bagong konsepto at mga kasanayan. |
| ***Pagyamanin*** | Binubuo ito ng mga gawaing para sa malayang pagsasanay upang mapagtibay ang iyong pang-unawa at mga kasanayan sa paksa. Maaari mong iwasto ang mga sagot mo sa pagsasanay gamit ang susi sa pagwawasto sa huling bahagi ng modyul. |
| ***Isaisip*** | Naglalaman ito ng mga katanungan o pupunan ang patlang ng pangungusap o talata upang maproseso kung anong natutuhan mo mula sa aralin. |
| ***Isagawa*** | Ito ay naglalaman ng gawaing makatutulong sa iyo upang maisalin ang bagong kaalaman o kasanayan sa tunay na sitwasyon o realidad ng buhay. |

| | |
|---|---|
| ***Tayahin*** | Ito ay Gawain na naglalayong matasa o masukat ang antas ng pagkatuto sa pagkamit ng natutuhang kompetensi. |
| ***Karagdagang Gawain*** | Sa bahaging ito, may ibibigay sa iyong panibagong gawain upang pagyamanin ang iyong kaalaman o kasanayan sa natutuhang aralin. |
| ***Susi sa Pagwawasto*** | Naglalaman ito ng mga tamang sagot sa lahat ng mga gawain sa modyul. |

Sa katapusan ng modyul na ito, makikita mo rin ang:

| | |
|---|---|
| ***Sanggunian*** | Ito ang talaan ng lahat ng pinagkuhanan sa paglikha o paglinang ng modyul na ito. |

Ang sumusunod ay mahahalagang paalala sa paggamit ng modyul na ito:

1. Gamitin ang modyul nang may pag-iingat. Huwag lalagyan ng anumang marka o sulat ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.
2. Huwag kalimutang sagutin ang *Subukin* bago lumipat sa iba pang gawaing napapaloob sa modyul.
3. Basahing mabuti ang mga panuto bago gawin ang bawat pagsasanay.
4. Obserbahan ang katapatan at integridad sa pagsasagawa ng mga gawain at sa pagwawasto ng mga kasagutan.
5. Tapusin ang kasalukuyang gawain bago pumunta sa iba pang pagsasanay.
6. Pakibalik ang modyul na ito sa iyong guro o tagapagdaloy kung tapos nang sagutin lahat ng pagsasanay.

Kung sakaling ikaw ay mahirapang sagutin ang mga gawain sa modyul na ito, huwag mag-aalinlangang konsultahin ang inyong guro o tagapagdaloy. Maaari ka rin humingi ng tulong kay nanay o tatay, o sa nakatatanda mong kapatid o sino man sa iyong mga kasama sa bahay na mas nakatatanda sa iyo. Laging itanim sa iyong isipang hindi ka nag-iisa.

Umaasa kami, sa pamamagitan ng modyul na ito, makararanas ka ng makahulugang pagkatuto at makakakuha ka ng malalim na pang-unawa sa kaugnay na mga kompetensi. Kaya mo ito!

# *Alamin*

Naranasan mo na bang magtiis? Magtimpi at masaktan? Sadyang likas sa ating mga Pilipino ang mapagmatiis at mapagbigay kung kaya't matagal tayong nagtiis sa kamay ng mga mapang-abuso at malulupit na mga Español. Subalit dumating ang sandali na kung saan nagising ang ating mga bayani sa katotohanan. Tulad ng wika ni Gat Jose Rizal "Walang mang-aalipin, kung walang paalipin."

Sa modyul na ito ay iyong malalaman mo kung paano nakaapekto ang kaisipang liberal sa pagsibol ng damdaming makabansa na nakapagpausbong ng nasyonalismong Pilipino.

May dalawang aralin sa modyul na ito:

- Aralin 1- Pag-usbong ng Kamalayang Nasyonalismo
- Aralin 2- Epekto ng Kaisipang Liberal Sa Pilipinas

Pagkatapos mong gawin ang mga aralin sa modyul na ito ay inaasahang magagawa mo ang sumusunod na kasanayan:

1. natatalakay ang pagdating ng kaisipang liberal sa bansa;
2. naipaliliwanag ang mga pangyayaring nagbigay daan sa paglinang ng damdaming nasyonalismo;
3. nasusuri ang mga epekto ng kaisipang liberal sa pag-usbong ng damdaming nasyonalismo; at
4. napahalagahan ang pagpupunyagi ng mga Pilipino na isulong ang kalayaan ay pagsasarili ng bansa.

## *Subukin*

Bago tayo magsimula sa ating bagong aralin, subukan mo munang sagutan ang katanungan sa ibaba.

Panuto: Suriin at unawaing mabuti ang bawat pangungusap. Isulat sa sagutang papel ang titik ng tamang sagot.

1. Bakit mahalaga ang pagbukas ng Suez Canal?
   A. Dahil naging matagal ang paglalakbay mula Maynila patungong Spain
   B. Dahil nakarating sa atin ang kaisipang liberal
   C. Dahil naging mahal ang bilihin
   D. Dahil naging mayaman ang Pilipinas

2. Kailan naganap ang pag-alsa sa Cavite?
   A. 17 Nobyembre 1869
   B. 20 Enero 1872
   C. 17 Pebrero 1872
   D. 19 Setyembre 1868

3. Alin ang hindi naging salik sa pag-usbong ng nasyonalismong Pilipino?
   A. Pagbukas ng Suez Canal
   B. Pagdating ng liberal na kaisipan sa Pilipinas
   C. Pagbayad ng buwis
   D. Pag-alsa sa Cavite

4. Ano ang tawag sa paglagay ng mga Paring Sekular sa mga parokya?
   A. Regular
   B. Sekularisasyon
   C. GOMBURZA
   D. Principalia

5. Ano ang tawag sa mga paring hindi nabibilang sa anumang samahang relihiyoso?
   A. Regular
   B. Sekular
   C. Ilustrados
   D. GOMBURZA

6. Sino ang namuno sa kilusang itinatag ng mga Paring Pilipino?
   A. Mariano Gomez
   B. Jose Burgos
   C. Jacinto Zamora
   D. Pedro Pelaez

7. Kailan binitay ang GOMBURZA?
   A. 17 Nobyembre 1869
   B. 20 Enero 1872
   C. 17 Pebrero 1872
   D. 19 Setyembre 1868

8. Sino ang namuno sa pag-alsa sa Cavite?
   A. Mariano Gomez
   B. Pedro Pelaez
   C. Fernando La Madrid
   D. Jose Burgos

9. Anong samahan ang itinatag ng mga Pilipinong kabataan na naliwanagan o tinatawag na ilustrados?
   A. Kilusang Propaganda
   B. Katipunan
   C. Sekularisasyon
   D. Panggitnang-uri

10. Kailan nabuksan ang Suez Canal?
   A. 17 Nobyembre 1869
   B. 17 Pebrero 1872
   C. 20 Enero 1872
   D. 19 Setyembre 1868

11. Saan nabibilang ang mga mayayamang Pilipino, mga mestisong Español, at Tsino?
   A. Ilustrado
   B. regular
   C. Propagandista
   D. Panggitnang uri

12. Ano ang naging bunga ng pagkakaroon ng pandaigdigang kalakalan?
   A. Maraming mga Pilipino ang umunlad ang pamumuhay.
   B. Nagkaroon ng pagbabago sa pamahalaan.
   C. Maraming Pilipino ang naghirap.
   D. Naging malupit ang mga Español

13. Anong pahayagan ang itinatag ni Graciano Lopez Jaena?
   A. Diaryong Tagalog
   B. La Solidaridad
   C. Kalayaan
   D. Katipunan

14. Ano ang tawag sa mga anak ng mayayamang Pilipino na nakapag-aral at naging propesyonal?
   A. Middle Class
   B. Mestiso
   C. Tsino
   D. Ilustrado

15. Ano ang tawag sa panahon ng pag-usbong ng liberal na ideya ng Pilipino?
   A. Panahon ng Kalayaan
   B. Panahon ng Katapangan
   C. Panahon ng Kaliwanagan
   D. Panahon ng Kapayapaan

# Aralin 1 Pag-usbong ng Kamalayang Nasyonalismo

Nasyonalismo, ano nga ba ang ibig sabihin nito? Paano nga ba nagising ang kamalayan ng mga Pilipino sa tinatawag na nasyonalismo? Sino kaya ang nag-udyok sa kanila? Ano nga ba ang mga panyayaring naganap kung bakit naghangad sila ng tinatawag na kalayaan, pagkapantay-pantay, at kapatiran? May kinalaman kaya ang pagbukas ng tinatawag na Suez Canal? Pagpasok ng kaisipang liberal sa bansa? O kaya dahil sa pamamahala ni Gob. Hen. Carlos Maria de la Torre? Kaya ang mga Pilipino ay unti-unting nabuksan ang isipan sa katotohana na hindi sila dapat maging bilanggo sa sariling bansa at nagkaroon ng lakas na maging malaya.


Tatalakayin sa araling ito kung ano ang nagbigay-lakas upang magkaisa ang mga naaaping Pilipino upang maging malaya sa mga mabagsik na kamay ng mga Kastila. Handa ka na ba?

Pagkatapos ng aralin, inaasahang malilinang ang sumusunod mong kasanayan:

1. natatalakay ang pagdating ng kaisipang liberal sa bansa;
2. naipaliliwanag ang mga pangyayaring nagbigay daan sa paglinang ng damdaming nasyonalismo;
3. naiintindihan ang kahulugan ng liberal na ideya tungo sa pag-usbong ng damdaming nasyonalismo; at
4. napahalagahan ang pagpupunyagi ng mga Pilipino na isulong ang kalayaan ay pagsasarili ng bansa.

## *Balikan*

Panuto: Kunin ang iyong sanayang papel. Katulad ng nakikita mo sa ibaba kulayan mo diyan ang sasakyang Galyon at sa loob ng kahon sa ibaba ng larawan ay isulat kung saan ito ginagamit ng mga unang Pilipino.



Gamit ng Galyon

______________________________

______________________________

______________________________

______________________________

______________________________


## *Tuklasin*

Bago ka pumunta sa iyong aralin, suriin mo ang mga larawan sa ibaba. Isulat ang mga titik ng mga larawan na may kinalaman sa pag-usbong ng damdaming nasyonalismo ng mga Pilipino.


A. Ang Ang tatlong paring martir: Mariano Gomez, Jose Burgos, at Jacinto Zamora




B. Suez Canal 1869




C. Pag-alsa sa Cavite 1872



D. Basi Revolt Monument




E. Ang liberal na si Carlos Maria dela Torre



## *Suriin*

**Mga Salik na Nakapagpausbong ng Damdaming Nasyonalismo**

Ang damdaming nasyonalismo ay ang pagkakaroon ng iisang adhikain para sa Inang Bayan na mapabuti ito. Ano ano ang salik na nagbunsod sa mga Pilipino upang isulong ang adhikaing ito?

**Pagbubukas ng Pilipinas sa Pandaigdigang Kalakalan**

Noong 1789, sa pamamagitan ng isang dekreto, bahagyang nabuksan ang Maynila sa pandaigdigang kalakalan, kaya't nagkaroon ng pagkakataon ang mga dayuhan na makapagnegosyo sa Pilipinas.

Dumami pa lalo ang mga mangangalakal sa Maynila nang mabuksan ang Suez Canal noong 17 Nobyembre 1869. Ang Suez Canal ay matatagpuan sa Egypt, pinag-uugnay nito Mediterranean Sea at Red Sea. Sa pagbukas nito naging madali ang pagpasok ng mga kalakal at pagdating ng kaisipang liberal mula sa Europe patungon sa ibang panig ng daigdig. Naging maikli sa isang buwang ang paglalakbay mula Maynila patungong Spain. Napabilis din ang paghahatid ng mga impormasyon na galing sa Europa. Maraming Pilipino rin ang nakarating sa Spain at sa ibang bansa sa Europa upang mag-aral at maglakbay.

Sa pagpunta ng mga Pilipino sa ibang bansa ay natuto silang makisalamuha sa ibang dayuhan. Ito ay naging daan upang mamulat sila sa mga bagong ideya. Ganoon din ang mga dayuhan, napadali sa kanila na makarating sa Pilipinas dala ang kani-kanilang sariling kultura, pananaw, at kaisipan. Naging maluwag din ang pagpasok ng ideyang liberal nina John Locke, Jean Jacques Rousseau, Voltaire, Montesquieu, at iba pang Europeong pilosopo sa bansa.

Nakarating din sa Pilipinas ang mga aklat, pahayagan, at iba pang babasahing mula sa Estados Unidos at Europa. Natutuhan ng mga Pilipino mula sa mga aklat at magasin ang tungkol sa pagsisikap ng mga Amerikano at Pranses na matamo ang kalayaan. Ang mga aklat na ito ang nagbigay sa mga Pilipino ng bagong kaisipang politikal at mga mithiin ng mga Rebolusyong Pranses at Amerikano, na siyang nagmulat sa mga Pilipino sa tinatawag na kalayaan, pagkakapantay-pantay, at pagkakapatiran.

**Pagpasok ng kaisipang liberal sa Pilipinas**

Unang ginamit ang katagang "liberal" sa Spain at tumutukoy ito sa mga rebeldeng Español noong 1820. Bagamat ang tunay na kahulugan nito ay ang kalayaang isulong ang pagbabago sa lipunan.

Ang kaisipang liberal ay nakarating sa ating bansa nang buksan ang Pilipinas sa pandaigdigang pangangalakal noong 1834 hanggang 1873. Malaki ang naiambag ng pagbukas ng Suez Canal sa paglaganap ng liberalismo. Dahil sa naging mabilis ang pagdating ng mga kalakal at naging maunlad ang pamumuhay ng ibang magsasaka at mangangalakal, marami sa kanilang mga anak ang nakapag-aral sa Maynila o sa Spain. Ganoon din ang pagdating ng mga dayuhan sa bansa at may naiiwang mga bagong ideya na siyang nagbigay daan upang lumaganap ang impluwensiyang "La Ilustracion" (Enlightenment) o pagkamulat.

Namulat ang mga Pilipino sa tunay na kalagaan ng mga malayang bansa. Nakita nila at naranasan kung paano mamuhay sa isang malayang kapaligiran. Napaghambing nila ang pamamahala ng mga Español sa ibang bansa sa Europa. Napag-alaman nila na may karapatan silang dapat ipaglaban at hindi sila dapat maging alipin ng mga dayuhan sa sariling lupa.

**Pag-usbong ng Panggitnang uri**

Sa pagsigla ng kalakalan sa Maynila, maraming mga Pilipino at mga dayuhan ang naganyak na makipagkalakalan. Ang mga Ingles, Amerikano, at Tsino ay nakapagpasok ng malaking kapital sa bansa. Nagbigay daan ito sa pag-unlad ng pamumuhay ng mga Pilipino. Sila ang bumuo sa panggitnang uri (Middle Class) sa lipunan sa Pilipinas. Ang panggitnang uri ay binubuo ng mayayamang Pilipino, mestizong Español, at Tsino na ang kabuhayan ay higit pa sa karaniwang Pilipino.

Dahil sa kasaganahan na nakamit nila marami sa mga anak nila ang nakapag-aral sa Maynila o sa Europa. Dahil sa kanilang pagsasanay sa ibang bansa naging malawak ang kanilang pananaw sa buhay. Doon, ang mga kabataang naliwanagan o nabuksan ang kamalayan tungkol sa mga ideya o kaisipang liberal ay tinawag na ilustrados. Ang mga ilustrados tulad nina Jose Rizal, Graciano Lopez Jaena, Marcelo H. del Pilar, Antonio Luna, Juan Luna, Mariano Ponce, Jose Maria Panganiban, at marami pang iba. Ang kaisipang liberal na kanilang nabasa at sa edukasyong kanilang nakamit ang siyang nagmulat sa kanila sa tunay na kalagayan ng Pilipinas.

**Pamumuno ni Gobernador Heneral Carlos Maria de la Torre**

Sumiklab ang labanan sa Spain noong 19 ng Setyembre 1868. Ang himagsikan bunga ng pagpalit ng pamamahala mula sa kamay ng mga konserbatibo tungo sa mga liberal. Sa panahong iyon ipinadala sa Pilipinas si Gobernador Heneral Carlos Maria de la Torre.

Isang magiting na kawal si Heneral Carlos Maria de la Torre, naging gobernador heneral noong 23 Hunyo 1869. Naniniwala siya sa liberalismo at ipinamalas niya ito sa pamamagitan ng mga patakaran at mahusay na pakikitungo sa mga tao. Pantay-pantay ang pagtingin niya sa mga Español at mga Pilipino.

Ipinagbawal niya ang parusang paghahagupit; winakasan ang pag-eespiya sa mga pahayagan; at hinikayat ang malayang pamamahayag. Naniniwala siya na ang

lahat ng tao ay pantay-pantay. Kaya sa panahong ng kaniyang panunungkulan ay naramdaman ng mga Pilipino ang Kalayaan at ang malaking pagbabago.

Maikli lamang ang pamumuno ni Gobernador Heneral Carlos Maria de la Torre ngunit napakilala niya ang kalayaan, pagkapantay-pantay, at kapatiran.

**Ang Pag-aalsa sa Cavite noong 1872 at Ang Pagbitay sa Tatlong Paring Martir**

Nang matapos ang panahon sa pamumuno ni Gobernador Heneral Carlos Maria de la Torre, ang pumalit sa kanya ay si Heneral Rafael Izquierdo. Kalaban siya ng mga liberal sa pamahalaan.

Si Izquirdo ay kabaliktaran sa paraan ng pamumuno ni de la Torre. Ipinagmalaki ni Izquierdo ang kaniyang pamamaraan sa pamamahala. Ito ang paggamit ng krus sa isang kamay at espada sa isang kamay. Ang pamamahala ni Goberdor Izquierdo naging mahigpit at nagdulot ng pahirap sa mga Pilipino ang kaniyang mga kautusan. Inalisan niya ng karapatan at kabuhayan ang mga manggagawang Pilipino sa Cavite na hindi nakapagbayad ng taunang buwis.

Sa ginawa ni Izquierdo na pagmamalupit naramdaman ng mga Pilipino ang malaking pagkaiba ng pamumuno ni dela Torre. Dahil dito nagkaroon ng di pagkakaunawaan at nauwi sa pag-alsa noong 20 Enero 1872, sa pamumuno ni Sarhento Fernando La Madrid. Napatay nila ang mga pinuno ng hukbong Español at nakuha ang arsenal sa Cavite. Lumusob ang malaking tropa ng mga Español at nagkaroon ng madugong labanan, na siyang ikinasawi ng mga nag-alsang Caviteño kasama na si La Madrid. Ang mga nakaligtas ay ipinadala sa Intramuros, Maynila bilang mga bilanggo.

Nasugpo kaagad ng mga Español ang pag-alsa sa Cavite, hinuli lahat na nasangkot at pinagbingtangan pinuno nito, kabilang sina Padre Mariano Gomez, Padre Jose Burgos, at Padre Jacinto Zamora. Pinagbintangan sila na mga pinuno sa pag-alsa sa Cavite upang matahimik ang noon mainit na isyu ng sekularisasyon.

Ang Kilusang Sekularisasyon ay itinatag upang ipagtanggol ang karapatan ng mga paring sekular sa mga parokya. May dalawang uri ng pari noon ang regular at sekular. Ang regular ito ang mga paring kasama sa mga samahang relihiyoso at sekular ang hindi kasama. Pinamumunuan ni Padre Pedro Pelaez ang Kilusang Serkularisasyon.

Noong 3 Hunyo 1863 binawian ng buhay si Padre Pelaez. Ang pumalit sa kanya sa pamumuno ay si Padre Jose Burgos na kilala bilang pinakamagaling na mag-aaral ni Padre Pelaez, kasama sina Padre Mariano Gomez at Padre Jacinto Zamora (GomBurZa)

Pinadakip at hinatulan sila ni Gobernador Izquierdo ng kamatayan sa pamamagitan ng garote noong 17 Pebrero 1872. Ngunit naniniwala si Arsobispo Gregorio Meliton Martinez na walang kasalanan ang tatlong pari. Kaya hindi niya

pinaalis ang abito nang binitay ang mga ito sa Bagumbayan (Rizal Park na sa ngayon).

Nagalit ang mga Pilipino sapagkat hindi totoo ang bintang sa tatlong paring martir at dahil dito ganap na napukaw ang kanilang damdaming nasyonalismo.

## *Pagyamanin*

Ngayon alam mo na ang mga salik ng pag-usbong ng damdaming nasyonalismo ng mga Pilipino. Handa ka na bang pagyamanin ang kaalamang ito? Subukin mong sagutin ang sumusunod na gawain.

**Gawain 1**

Panuto: Basahin at suriing mabuti ang mga pangungusap at piliin sa loob ng panaklong ang tamang sagot. Isulat ito sa inyong sagutang papel.

1. Ano ang pinakamahalagang pangyayari na nagpaigting sa galit ng mga Pilipino sa mga Español?
   A. Pagbukas ng Suez Canal
   B. Pagbitay sa tatlong paring martir

2. Ano ang tawag sa kaisipang galing sa Europa na nagpapakita ng kalayaan sa pagpapahayag ng damdamin at kaisipan?
   A. Kaisipang Liberal
   B. Enlightenment

3. Ano ang tawag kina Jose Burgos, Mariano Gomez, at Jacinto Zamora?
   A. Ilustrados
   B. Ang tatlong paring martir

4. Paano natin maipapakita ang damdaming nasyonalismo?
   A. Pakikiisa at pagtataguyod ng mga pagbabago sa lipunan
   B. Pag-alis sa bansa sa panahon ng krisis

5. Alin ang salik na nagpa-usbong sa damdaming nasyonalismo ng mga Pilipino?
   A. Pagpasok ng kaisipang liberal
   B. Pag-alis ng parusang paghahagupit

**Gawain 2**

Panuto: Punan ng wastong titik ang bawat kahon upang mabuo ang salitang tinutukoy. Isulat sa sagutang papel ang buong salita.

1. Ano ang tawag sa Enlightenment o naliwanagan sa Spain?

| | |
|---|---|
| L | |

| | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | L | | S | | | | C | | | N |

2. Anong uri ng pamumuno ang pina-iral ni Carlos Maria de la Torre?

| | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|
| | | B | | | | L |

3. Ilang buwan na lamang ang paglalakbay mula Maynila patungong Spain?

| | | |
|---|---|---|
| | S | |

4. Sino ang pumalit kay Gobernador Heneral Carlos Maria de la Torre?

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | | F | | | L |

| | |
|---|---|
| d | e |

| | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | Z | Q | | I | | R | | O |

5. Sa anong paraan pinatay ang tatlong paring martir?

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| G | | | | | |


## *Isaisip*

Panuto: Sagutin ang mga tanong sa ibaba. Isulat sa sagutang papel ang iyong sagot.


1. Ano ano ang mga salik sa pag-usbong ng damdaming nasyonalismong Pilipino?
2. Makatarungan ba ang ginawang pagbitay kina Padre Gomez, Burgos, at Zamora? Bakit?
3. Ang pagbitay sa tatlong paring martir ay nagpasidhi ng damdaming ________________ ng mga Pilipino.

## *Isagawa*

A. Ano anong salita ang maiuugnay sa salitang "malayang kaisipan." Isulat ang iyong mga sagot sa loob ng bilog (isa bawat bilog). Gawin ito sa iyong kuwaderno.




B. Bilang kabataang Pilipino, paano mo maipakita ang iyong damdaming nasyonalismo? Isulat ang iyong sagot sa loob ng puso.



## Tayahin

A. **Tama** o **Mali**. Isulat ang **Tama** kung ang ipinahahayag sa pangungusap ay wasto. Kung mali, palitan ang salitang nasalungguhitan upang maging wasto ang pangungusap. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

1. Si Pedro Pelaez ang namuno sa pag-alsa sa arsenal Cavite.
2. Hinatulan ng kamatayan ang tatlong paring martir sa pamamagitan ng garote sa Cavite, noong 17 Pebrero 1972.
3. Ang Suez Canal ang nagdurugtong sa Mediterranean Sea at Red Sea.
4. Ang dalawang pangkat ng mga pari noon ay regular at sekularisasyon.
5. Ang nasyonalismo ay ang pagkaroon ng kalayaan sa pagpapahayag ng damdamin at kaisipan.

B. Basahin at unawaing mabuti ang mga pahayag. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

1. Siya si ________________, ang naniniwala sa liberal na paraan ng pamumuno.
2. Bakit nag-alsa ang mga sundalo sa arsenal sa Cavite noong 1872? Magbigay ng isang dahilan.
3. Anong kaisipan ang dala ng mga babasahin mula sa Europe?
4. Ano ang naramdaman ng mga Pilipino nang patayin sina Padre Gomez, Burgos, at Zamora?
5. Ano ano ang mga nalaman ng mga Pilipino nang pumasok sa Pilipinas ang kaisipang liberal? Magbigay ng dalawa.

## *Karagdagang Gawain*

Panuto: Isulat ang tsek (✓) sa sagutang papel kung ang pahayag ay salik na nakapagpausbong ng damdaming nasyonalismo ng mga Pilipino. Lagyan ng ekis (X) kung hindi.

________ 1. Republika ng Biak na Bato

________ 2. Pagpagawa ng mga daan

________ 3. Kaisipang liberal sa Pilipinas

________ 4. Pagtatatag ng ibat ibang parokya

________ 5. Saligang Batas ng Malolos

________ 6. Si Gobernador Carlos Maria de la Torre

________ 7. Pagbubukas ng Suez Canal

________ 8. Pag-aalsa sa Cavite noong 1872

________ 9. Pagtipon ng mga ginto at pilak

________ 10. Pagbitay sa Tatlong Paring Martir

# Aralin 2 Epekto ng Kaisipang Liberal Sa Pilipinas

Kumusta na? Natapos mong mapag-aralan ang mga salik ng pag-usbong ng damdaming nasyonalismo ng mga Pilipino. Ano ang iyong naramdaman? Nagkaroon rin ba ng epekto sa iyo? Marami ang naging salik upang mapukaw ang damdaming nasyonalismo ng mga Pilipino. Ang bunga at epekto ng mga patakarang kolonyal sa Pilipinas, ang matagal na panahon ng pananakop, at pang-aapi at katiwalian ng mga pinunong Español ang unti-unting nagbuklod sa isipan at puso ng mga Pilipino upang malinang ang damdaming makabansa.

Ngayon sa aralin na ito ating pag-aaralan kung ano ang naging epekto ng kaisipang liberal sa Pilipinas.

Pagkatapos ng araling ito, inaasahang magagawa mo ang sumusunod:

1. nasusuri ang mga epekto ng kaisipang liberal sa pag-usbong ng damdaming nasyonalismo; at
2. napahalagahan ang pagpupunyagi ng mga Pilipino na isulong ang kalayaan ay pagsasarili ng bansa.

## *Balikan*

Napag-aralan natin sa nakaraang aralin ang tungkol sa mga salik ng pag-usbong ng damdaming nasyonalismo. Natatandaan mo pa kaya ito? Subukin mong sagutin ang mga tanong sa ibaba.

Panuto: Sagutin ang BLOCKBUSTER. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

M ___________ 1. Sinong M ang naniniwala na walang kasalanan ang tatlong paring martir?

C ___________ 2. Sinong C ang gobernador na naging pantay ang pagtingin sa mga Pilipino at Español?

S ___________ 3. Anong S ang tawag sa daraanan ng mga barkong pandagat sa Ehipto na binuksan para sa mabilis na kalakalan?

I ___________ 4. Sinong I ang nag-utos na hulihin at bitayin ang GomBurZa?

L ___________ 5. Anong L na kaisipan ang pumasok sa Pilipinas na gumising sa damdaming nasyonalismo ng mga Pilipino?

# *Tuklasin*

A. Awitin ng buong puso ang popular na kundiman na “Bayan Ko”. Pagkatapos mong awitin ito, sagutin ang ilang katanungan sa ibaba.

**Bayan Ko**

Ang bayan kong Pilipinas,
Lupain ng ginto’t bulaklak.
Pag-ibig ang sa kaniyang palad
Nag-alay ng ganda’t dilag.

At sa kaniyang yumi at ganda,
Dayuhan ay nahalina.
Bayan ko, binihag ka,
Nasadlak sa dusa.

Ibon mang may layang lumipad,
kulungin mo at umiiyak!
Bayan pa kayang sakdal dilag,
Ang ‘di magnasang makaalpas?
Pilipinas kong minumutya,
Pugad ng luha ko’t dalita,
Aking adhika,
Makita kang sakdal laya!

**Source:** Jose Corazon de Jesus, *Bayan Ko*, Wikipedia, last modified June 22, 2020, https://en.wikipedia.org/wiki/Bayan_Ko

Sagutin:

1. Ano ang nais iparating ng awiting Bayan Ko?
2. Paano mo maipapakita ang iyong pagkamakabayan bilang isang bata?

B. Subukan mong ilarawan ang sumusunod na bayani natin ayon sa iyong pagkakakilala sa kanila. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

Mga Bayani:

a. Graciano Lopez Jaena

b. Jose Rizal

c. Andres Bonifacio

d. Marcelo H. Del Pilar

## Suriin

Ang malaking pagkakamaling ginawa ni Gobernador Izquirdo ay ang hatulan niya ng kamatayan ang tatlong pari na sina Padre Mariano Gomez, Jose Burgos, at Jacinto Zamora. Iniutos ni Arsobispo Gregorio Meliton Martinez na patunugin ang mga kampana sa lahat ng simbahan. Ang pagkamatay ng tatlong pari ay itinuturing na kabayanihan ng mga Pilipino. Ang pangyayaring ito ay isa sa gumising sa damdaming nasyonalismo ng mga Pilipino. Nadama ng bayan na kailangan na ang pagbabago, dahil sa patuloy na kalupitan at katiwalian ng mga Español, ito ang nagbunsod sa mga Pilipino sa Espanya upang ilunsad ang Kilusang Propaganda.

**Epekto ng Kaisipang Liberal sa Pilipinas**

**Ang Kilusang Propaganda**

Noong 1872 matapos mabitay ang tatlong paring martir ay itinatag ang Kilusang Propaganda. Ang samahang ito ay gumamit ng mapayapang pamamaraan sa pamamagitan ng lapis, pluma, papel, at karunungan upang maipaabot ang kanilang paghingi ng reporma o pagbabago sa kolonya.

Ang Kilusang Propaganda ay isang samahang binuo ng ilang Ilustrados upang humingi ng reporma sa mapayapang paraan. Hindi radikal o mapanghimagsik ang kahilingan ng mga propagandista. Ang mga kasapi nito sina Jose Rizal, Marcelo H, del Pilar, Graciano Lopez-Jaena, Antonio Luna, Juan Luna, Mariano Ponce, Trinidad Hermenegildo Pardo de Tavera, Jose Maria Panganiban, Pedro Paterno, Felix Resurreccion Hidalgo, at Dominador Gomez. Kabilang sa mga dayuhan na tumutulong sa kanila ay sina Ferdinand Blumentritt, kaibigan ni Rizal at si Miguel Morayta, isang politikong Español. Bagamat walang opisyal na pamunuan ang Kilusang Propaganda, maituturing na tatlo ang kinikilalang pinakatanyag na repormista o mga ulo ng Kilusang Propaganda ay sina Jose Rizal, Graciano Lopez Jaena, at Marcelo H. del Pilar.

Sa pamamgitan ng mga akda ng mga tanyag na repormista tulad nina Rizal, Lopez Jaena, at del Pilar ay napapaabot nila sa pamahalaang Español ang hangarin ng mga Pilipino. Upang mailathala ang kanilang saloobin at mga akda, itinatag ni Graciano Lopez Jaena ang La Solidaridad. Ang La Solidaridad ay opisyal na pahayagan ng Kilusang Propaganda. Ang mga paksang Makabayan ang mga inilathala rito. Pinapadala ito sa Pilipinas upang mabasa ng mga Pilipino at magkakaroon ng kamalayan ang mga ito sa nagaganap sa Pilipinas at maunawaan ng mga Pilipino ang kahalagahan ng reporma sa bansa.

Ginamit ng mga propagandista ang lakas ng panulat sa pagsulong ng kanilang layunin. Inilathala ni Jose Rizal ang kaniyang mga nobelang Noli Me Tangere at El Filibusterismo na tumuligsa sa mga maling patakaran ng mga Español.

Itinatag naman ni Marcelo H. del Pilar ang Diyaryong Tagalog, ang unang pahayagang Tagalog. Dito niya unang ibinunyag ang kalupitan ng mga Español sa mga Pilipino. Ginamit ni del Pilar ang bansag na Plaridel. Nagalit ang mga Español sa kanya, kaya daglit siyang tumakas patungong Spain. Nang mamatay si Graciano Lopez Jaena noong 20 Enero 1896, si del Pilar ang pumalit bilang patnugot ng La Solidaridad.

Hindi maituturing na tagumpay ang Kilusang Propaganda sa kahilingan nitong pagbabago sa pamahalaan. Ngunit nagbigay daan naman ito sa pagbubuo ng isang lihim na kapisanang tinatawag na Katipunan.

**Ang La Liga Filipina**

Ang La Liga Filipina ay isang samahang binuo ni Jose Rizal noong 3 Hulyo 1892. Ang layunin nito ay mapagsama-sama ang mga Pilipino; maipagsanggalang sila sa mga mapang-abuso at sa katiwalian ng mga Español; magsagawa ng reporma sa bansa; at mapabuti ang edukasyon, pagsasaka, at kalakalan sa bansa.

Marami ang sumali sa La Liga Filipina. Nahati ang mga kasapi, ang mga ilustradong kasapi ay nagtaguyod ng pakikipaglaban para sa reporma at ang iba ay nagbalak ng paghihimagsik.

Bagaman hindi nagtagal at natupad ang repormang ipinaglaban ng La Liga Filipina, nagising naman nito ang damdamin ng mga tao laban sa mga Español at nagbigay daan ito sa pagsiklab ng himagsikan ng 1896.

**Ang Katipunan**

Ang Katipunan o KKK (Kataas-taasan Kagalang-galangang Katipunan ng mga Anak ng Bayan) ay lihim na samahang naglayong wakasan ang pananakop ng mga Español sa pamamagitan ng puwersa o lakas. Itinatag ito nina Andres Bonifacio, Valentin Diaz, Teodoro Plata, Ladislao Diwa, at Deodato Arellano. Noong 7 Hulyo 1892 sa isang bahay sa 72 Kalye Azcarraga (Claro M. Recto na ngayon). Kasama ng ibang naging kasapi ay nagsanduguan. Ginamit nila ang sariling dugo sa pagsulat ng pananda ng kanilang mga pangalan. Si Andres Bonifacio ang tinaguriang Supremo ng Katipunan.

Naging inspirasyon ni Andres Bonifacio ang French Revolution 1789. Itinaguyod ng French Revolution ang konsepto ng kalayaan, pagkakapantay-pantay, at kapatiran (liberty, equality, at fraternity).

Si Emilio Jacinto ang tagapagpayo ni Andres Bonifacio, tinagurian din siyang Utak ng Katipunan. Siya rin ang patnugot ng pahayagan ng Katipunan, Ang Kalayaan, na naglalahad ng mga mapanghihimagsik na kaisipan ng kapisanan.

Ang Katipunan ay natuklasan bago pa man nakapaghanda ang mga kasapi nito para sa labanan. Ngunit para kay Andres Bonifacio, nakatakda na ang himagsikan. Iyon na ang hudyat upang makipaglaban sila sa nga Español.

## *Pagyamanin*

Ngayon alam mo na ang epekto ng kaisipang liberal sa Pilipinas. Handa ka na bang pagyamanin ang kaalamang ito? Subukin mong sagutin ang sumusunod na gawain.

Panuto: Palitan ng titik ang bawat bilang sa loob ng kahon ayon sa pagkakasunod-sunod ng alpabetong Ingles upang mabuo ang mga pangalan.

| 1 | 2 | 3 | 4 | 5 | 6 | 7 | 8 | 9 | 10 | 11 | 12 | 13 | 14 | 15 |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| **A** | **B** | **C** | **D** | **E** | **F** | **G** | **H** | **I** | **J** | **K** | **L** | **M** | **N** | **O** |

| 16 | 17 | 18 | 19 | 20 | 21 | 22 | 23 | 24 | 25 | 26 |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| **P** | **Q** | **R** | **S** | **T** | **U** | **V** | **W** | **X** | **Y** | **Z** |

Halimbawa:

| 11 | 1 | 9 | 19 | 9 | 16 | 1 | 14 | 7 |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| K | A | I | S | I | P | A | N | G |

| 12 | 9 | 2 | 5 | 18 | 1 | 12 |
|---|---|---|---|---|---|---|
| L | I | B | E | R | A | L |

1. Anong samahan ang itinatag ni Dr. Jose Rizal noong 3 Hulyo 1892?

| 12 | 1 |
|---|---|
| | |

| 12 | 9 | 7 | 1 |
|---|---|---|---|
| | | | |

| 6 | 9 | 12 | 9 | 16 | 9 | 14 | 1 |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | | | | | | | |

2. Anong samahan ang itinatag ng mga ilustrado na humihingi ng reporma sa pamahalaan?

| 11 | 9 | 12 | 21 | 19 | 1 | 14 | 7 |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | | | | | | | |

| 16 | 18 | 15 | 16 | 1 | 7 | 1 | 14 | 4 | 1 |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | | | | | | | | | |

3. Sino ang tagapagpayo ni Andres Bonifacio?

| | | | | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| 5 | 13 | 9 | 12 | 9 | 15 | | 10 | 1 | 3 | 9 | 14 | 20 | 15 |
| | | | | | | | | | | | | | |

4. Anong samahan ang itinatag nina Andres Bonifacio noong 7 Hulyo 1892?

| | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| 11 | 1 | 20 | 9 | 16 | 21 | 14 | 1 | 14 |
| | | | | | | | | |

5. Anong rebolusyon noong 1789 ang nagbigay inspirasyon kay Andres Bonifacio?

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| 6 | 18 | 5 | 14 | 3 | 8 |
| | | | | | |

| | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| 18 | 5 | 22 | 15 | 12 | 21 | 20 | 9 | 15 | 14 |
| | | | | | | | | | |

## *Isaisip*

1. Ano ang naging epekto ng kaisipang liberal sa Plipinas?
2. Anong pamamaraan ang ginamit ng mga Kilusang Propaganda sa paghingi ng pagbabago?
3. Ano ang ginamit ng Katipunan sa pakikipaglaban sa mga Español?
4. Sino sino ang tinuturing na pinakatanyag na repormista o kinikilalang mga ulo ng kilusan?
5. Ano ang Kilusang Propaganda?

## Isagawa

Punan ang tsart tungkol sa Kilusang Propaganda at Katipunan.

| Mga Nagtatag ng Kilusang Propaganda | Pahayagan ng Propaganda | Mga Nagtatag ng Katipunan | Pahayagan ng Katipunan |
|---|---|---|---|
| | | | |

## Tayahin

Panuto: Basahin at suriing mabuti ang mga pangungusap at piliin ang tamang sagot na tinutukoy sa bawat pangungusap. Isulat sa sagutang papel.

1. Sino ang unang patnugot ng La Solidaridad?
   - A. Emilio Jacinto
   - B. Graciano Lopez Jaena

2. Ano ang opisyal na pahayagan ng Katipunan?
   - A. Diyaryong Tagalog
   - B. Kalayaan

3. Kailan naitatag ang La Liga Filipina?
   - A. 3 Hulyo 1892
   - B. 7 Hulyo 1892

4. Ano ang tawag kay Andres Bonifacio bilang lider ng Katipunan?
   - A. Utak ng Katipunan
   - B. Supremo

5. Kailan itinatag nina Andres Bonifacio ang Katipunan?
    A. 3 Hulyo 1892
    B. 7 Hulyo 1892

6. Sinong Gobernador Heneral ang naghatol ng kamatayan sa tatlong paring martir?
    A. Miguel Morayta
    B. Rafael Izquierdo

7. Sino ang pumalit kay Graciano Lopez Jaena bilang patnugot ng La Solidaridad?
    A. Jose Rizal
    B. Marcelo H. del Pilar

8. Sino ang mga kasapi ng Katipunan?
    A. Ladislao Diwa at Deodoro Plata
    B. Juan Luna at Pedro A. Paterno

9. Sino ang tinaguriang Utak ng Katipunan?
    A. Deodato Arellano
    B. Emilio Jacinto

10. Anong samahan ang nais wakasan ang pananakop ng mga Español sa pamamagitan ng puwersa o lakas?
    A. Kilusang Propaganda
    B. Katipunan

## *Karagdagang Gawain*

Panuto: Punan ang patlang. Kompletuhin ang pangungusap sa pamamagitan ng pagtukoy sa tamang salita. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

1. Ang La Solidaridad ang naging tagapagpahayag ng mithiin at kahilingan ng ________________.
2. Kataas-taasan Kagalang-galangang ________________ ng mga Anak ng Bayan ang lihim na samahan na itinatag nina Andres Bonifacio.
3. Sina Rizal, Lopez Jeana, at del Pilar ang kinikilang pangunahing ________________.
4. Inilathala ni Jose Rizal ang kaniyang mga nobelang Noli Me Tangere at ________________ na tumuligsa sa mga maling patakaran ng mga Español.
5. Ang La Liga Filipina ay isang samahang binuo ni ________________ noong 3 Hulyo 1892.

# Susi sa Pagwawasto: Aralin 1

**Subukin**

1. B
2. B
3. C
4. B
5. A
6. D
7. C
8. C
9. A
10. A
11. D
12. A
13. B
14. D
15. C

**Balikan**

- ❖ Nagdadala ng mga produkto o kalakal mula Maynila patungo sa ibang bansa.
- ❖ Pagdala ng mga tao
- ❖ Pagdala ng mga aklat at babasahin.

*Tanggapin ang mga sagot ng bata kung ito'y naayon din lamang sa sagot.*

**Tuklasin**

A, B, C, & E

**Pagyamanin**

A.
1. B
2. A
3. B
4. A
5. A

B.
1. LA ILUSTRACION
2. LIBERAL
3. ISA
4. RAFAEL DE IZQUIERDO
5. GAROTE

**Isaisip**

1.
   a. Pagbukas ng Pilipinas sa Pandaigdigang Kalakalan
   b. Pagpasok ng Kaisipang Liberal sa Pilipinas
   c. Pag-usbong ng Panggitnang uri
   d. Pamumuno ni Gob. Hen. Carlos Maria de la Torre
   e. Ang Pag-aalsa sa Cavite noong 1872 at Ang Pagbitay sa Tatlong Paring Martir

2. Hindi, kasi pinatay sila na walang kasalanan.

3. Nasyonalismo

**Isagawa**

A.
1. pagkapantay-pantay
2. kapayaan
3. kapatiran
4. malayang pagpapahayag

B.
1. Tutulong ako upang umunlad ang bansa.
2. Ipagmamalaki ko ang aking PagkaPilipino.
3. Tatangkilikin ko ang kulturang Pilipino.
4. Tatangkilikin ko ang produktong Pinoy o Pilipino.
5. Handa kong ipaglaban ang kalayaan ng bansa.
6. Tanggapin ang sagot ng bata kung naayon din lamang ito.

**Tayahin**

A.
1. Ferdinand La Madrid
2. Bagumbayan
3. Tama
4. regular at secular
5. kaisipang liberal

B.
1. Carlos Maria de la Torre
2. Dahil inalisan ng karapatan at pangkabuhayan ang hindi nakapagbayad ng taunang buwis.
3. Kaisipang liberal o malayang kaisipan
4. Lalong tumindi ang galit sa mga Español.
5. Nalaman nila ang tungkol sa tinatawag na kalayaan, pagkapantay-pantay, at kapatiran.

*Tanggapin ang sagot ng bata kung naayon lamang din ito sa sagot.*

**Karagdagang Gawain**

1. X
2. X
3. ✓
4. X
5. X
6. ✓
7. ✓
8. ✓
9. X
10. ✓

# Susi sa Pagwawasto: Aralin 2

**Balikan**

1. Martinez
2. Carlos Maria de la Torre
3. Suez Canal
4. Izquierdo
5. Liberal

**Tuklasin**

A.

1. Tungkol sa Kalayaan o pagnanais ng Kalayaan
2. Susundin ko ang mga batas ng buong puso.

B.

a. Graciano Lopez Jaena- a. Nagtatag ng La Solidaridad Kasapi ng Kilusang Propaganda
b. Jose Rizal- Sumulat ng Noli Me Tangere at El Filibusterismo, Nagtatag ng La Liga Filipina, kasapi ng Kilusang Propaganda
c. Andres Bonifacio- Supremo ng Katipunan
d. Marcelo H. del Pilar- nagtatag ng Diyaryong Tagalog at kasapi ng Kilusang Propaganda

*Tanggapin ang mga sagot ng bata kung na naayon din lamang ito.*

**Pagyamanin**

1. LA LIGA FILIPINA
2. KILUSANG PROPAGANDA
3. EMILIO JACINTO
4. KATIPUNAN
5. FRENCH REVOLUTION

**Isaisip**

1. Nagising sa katotohanan ang mga Pilipino na sila ay alipin sa sariling bansa.
2. Gumamit sila ng lapis, pael, at karungan o sa mapayapang paraan.
3. Lakas at dahas
4. Jose Rizal, Graciano Lopez Jeana, at Marcelo H. del Pilar
5. Isang samahan na humihingi ng pagbabago sa mapayapang paraan.

| Isagawa | | | |
|---|---|---|---|
| Mga Nagtatag ng Kilusang Propaganda | Pahayagan ng Propaganda | Mga Nagtatag ng Katipunan | Pahayagan ng Katipunan |
| Jose Rizal,<br>Marcelo H, del Pilar, Graciano Lopez-Jaena, Antonio Luna,<br>Juan Luna,<br>Mariano Ponce, Trinidad Hermenegildo Pardo de Tavera,<br>Jose Maria Panganiban,<br>Pedro Paterno,<br>Felix Resurreccion Hidalgo,<br>Dominador Gomez. | La Solidaridad | Andres Bonifacio,<br>Valentin Diaz,<br>Teodoro Plata,<br>Ladislao Diwa,<br>Deodato Arellano. | Kalayaan |

**Tayahin**

1. B
2. B
3. A
4. B
5. B
6. B
7. B
8. A
9. B
10. B

**Karagdagang Gawain**

1. Kilusang Propaganda
2. Katipunan
3. Repormista
4. El Filibusterismo
5. Jose Rizal

Araling Panlipunan, Pilipinas Bilang Isang Bansa, Batayang Aklat, Ikalimang Baitang, pp. 251 – 254

# *Sanggunian*


Alvenia P. Palu-ay. *Makabayan Kasaysayang Pilipino, Batayang Aklat sa Ikalimang Baitang* Quezon City: LG&M, 2006, 104-105.

Alvenia P. Palu-ay. *Makabayan Kasaysayang Pilipino, Batayang Aklat sa Ikalimang Baitang* Quezon City: LG&M, 2006, 109-112.

Estelita B. Capiña and Gloria P. Barrientos. *Pilipinas: Bansang Malaya, Batayang Aklat Heograpiya, Kasaysayan at Sibika* Quezon City: SD Publications, Inc., 2000, 96-99.

Estelita B. Capiña and Gloria P. Barrientos. *Pilipinas: Bansang Malaya, Batayang Aklat Heograpiya, Kasaysayan at Sibika* Quezon City: SD Publications, Inc., 2000, 100-101.

Florencia C. Domingo, Ph.D. et al. *Pilipinas: Isang Sulyap at Pagyakap, Batayang Aklat sa Araling Panlipunan 1* Makati City: EdCrisch International, Inc., 2006, 118-122.

Florencia C. Domingo, Ph.D. et al. *Pilipinas: Isang Sulyap at Pagyakap, Batayang Aklat sa Araling Panlipunan 1* Makati City: EdCrisch International, Inc., 2006, 127-142.

Jose Corazon de Jesus. Bayan Ko, Wikipedia, last modified June 22, 2020, https://en.wikipedia.org/wiki/Bayan_Ko

Project EASE (Effective and Alternative Secondary Education). *Araling Panlipunan I, Modyul 13, Ang Paghahanda para sa Pagsasarili*, Department of Education, 2014.

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph